

# Papaano akong magsasagawa ng wuḍū’?

Isinalarawang Pagpapaliwanag Para sa Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Ṣalāh Kasama ng mga Saloobin sa Dakilang Pagsambang Ito

# Papaano akong magsasagawa ng wuḍū’?

## Isinalarawang Pagpapaliwanag Para sa Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Ṣalāh Kasama ng mga Saloobin sa Dakilang Pagsambang Ito

OsoulCenter
www.osoulcenter.com

ح جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالربوة ، ١٤٤٥ هـ

**مركز أصول**

كيف أتوضأ: شرح مصور لكيفية الوضوء مع وقفات مع هذه الشعيرة العظيمة باللغة التجالوج. / مركز اصول - ط ١. .- الرياض ، ١٤٤٥ هـ

٤٨ ص ؛ ١٤.٨ x ٢١ سم

**رقم الإيداع: ١٤٤٥/٢٤٨٥٣**

**ردمك: ٩٧٨-٦٠٣-٨٤٣٨-٤١-١**

- Nagsagawa ang Sentro ng Paghahanda at Pagdidisenyo ng Lathalaing Ito
- Pinapayagan ng Sentro ang Pag-imprinta at ang Paglalathala sa Anumang Kaparaanan Kalakip ng Pagpapanatili ng Pagtukoy sa Pinagkunan at Hindi Pagpapalit ng Nasa Teksto.
- Sa Kalagayan ng Pag-iimprinta, Kinakailangan ang Magpanatili sa mga Pamantayan ng Kalidad na Sinusunod ng Osoul Center.

بسم الله الرحمن الرحيم

**Sa ngalan ni Allāh, ang Mahabagin,
ang Maawain**




# Ang Panimula

**Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa Propeta nating si Muḥammad at ukol sa mag-anak niya at mga Kasamahan niya sa kalahatan. Sa pagsisimula,**

Ang Islām ay relihiyon ng kadalisayan: kadalisayan ng katawan, damit, at lugar mula sa mga marumi; at kadalisayan ng mga kaluluwa mula sa mga pagkakasala, mga kaasalang masama, at mga pagnanais na masagwa.

Nagsabatas nga si Allāh (napakataas Siya) ng kadalisayan para sa Muslim sa maraming kalagayan. Kabilang doon ang para sa ṣalāh, na siyang poste ng Islām at siyang dakilang ugnayan sa pagitan ng tao at Panginoon niya.

Bahagi ng kadakilaan ng ṣalāh na si Allāh (napakataas Siya) ay nagsabatas ng mga marangal na pauna gaya ng adhān at pagsusuot ng mga magandang damit at kabilang doon din ang kadalisayan sa pamamagitan ng wuḍū’, ghusl (paligo), at tayammum.



Nagsasabi si Allāh (napakataas Siya): {O mga sumampalataya, kapag tumayo kayo patungo sa pagdarasal ay maghugas kayo ng mga mukha ninyo, mga kamay ninyo hanggang sa mga siko – humaplos kayo sa mga ulo ninyo – at mga paa ninyo hanggang sa mga bukungbukong. Kung kayo ay kailangang-maligo ay maligo kayo. Kung kayo ay mga may-sakit o nasa isang paglalakbay, o dumating ang isa sa inyo mula sa dumihan, o sumaling kayo ng mga babae saka hindi kayo nakatagpo ng tubig, ay magsadya kayo sa isang lupang kaaya-aya saka humaplos kayo sa mga mukha ninyo at mga kamay ninyo [ng alikabok] mula roon. Hindi nagnanais si Allāh na maglagay sa inyo ng anumang pagkaasiwa, subalit nagnanais Siya na dumalisay sa inyo at lumubos sa pagpapala Niya sa inyo, nang sa gayon kayo ay magpapasalamat.} (Qur'an 5:6)

Nagsasabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi tumatanggap si Allāh ng ṣalāh ng isa sa inyo kapag umihi [o dumumi] siya hanggang sa makapagsagawa siya ng wuḍū'." Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy at Imām Muslim.

Ang wuḍū' ay may maraming kainaman sapagkat ito ay kalahati ng pananampalataya. Pumapawi si Allāh (napakataas Siya) sa pamamagitan nito ng mga pagkakasala at nag-aangat Siya sa pamamagitan nito ng mga antas. Ito ay isang landas para sa Paraiso at isang liwanag para sa Muslim sa Araw ng Pagbangon. Sa pamamagitan nito, nakakalag ang mga buhol ng demonyo. Ito ay isang palatandaan para sa Kalipunang ito [ng mga Muslim] sa Araw ng Pagbangon, na darating sila na mapuputi ang mukha na mga pinaputi ang kamay at paa mula sa bakas ng wuḍū' habang nagniningning ang liwanag mula sa mga mukha nila, mga kamay nila, at mga paa nila mula sa bakas ng wuḍū'.

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Kapag nagsagawa ng wuḍū' ang taong Muslim o ang mananampalataya kaya naghugas siya ng mukha niya, lalabas mula sa mukha niya ang bawat pagkakamali niya na tiningnan ng mga mata niya kasabay ng tubig o kasabay ng huling patak ng tubig; saka kapag naman naghugas siya ng mga kamay niya, lalabas mula sa mga kamay niya ang bawat pagkakamali na hinagupit ng mga kamay niya kasabay ng tubig o kasabay ng huling patak ng tubig; saka kapag naghugas siya ng mga paa niya, lalabas ang bawat pagkakamali na nilakad ng mga paa niya kasabay ng tubig o kasabay ng huling patak ng tubig; hanggang sa lumabas siya na dalisay sa mga pagkakasala."} Nagsalaysay nito si Imām Muslim.

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Narinig niya ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Tunay na ang Kalipunan ko ay darating sa Araw ng Pagbangon na mapuputi ang mukha na mga pinaputi ang kamay at paa mula sa bakas ng wuḍū'."} Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy at Imām Muslim.



# Ang mga Nilalaman

| | Ang Paksa | Ang Bilang ng Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Ang mga Ṭahārah sa Islām | 11 |
| 2 | Ang Ṭahārah na Hinihiling Para sa Ṣalāh | 13 |
| 3 | Ang mga Patakarang Natatangi sa Babae | 17 |
| 4 | Ang mga Etiketa sa Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan | 19 |
| 5 | Papaano tayong magsasagawa ng wuḍū’? | 23 |
| 6 | Papaano tayong magsasagawa ng ghusl dahil sa janābah? | 34 |
| 7 | Mga Natatanging Kalagayan sa Ṣalāh | 35 |
| 8 | Mga Tanong Pampagsusuri | 40 |



# Ang mga Ṭahārah sa Islām

**Ang ṭahārah sa Islām** ay isang malalalim na pinahahalagahan sapagkat ito ay hindi nalilimitahan sa pagpapakadalisay na pisikal sa pamamagitan ng tubig lamang; bagkus ang kahulugan nito ay ang kabusilakan at ang kalinisan mula sa kasalaulaan at karumihan, maging ito man ay espirituwal o pisikal.

**Hinggil sa ṭahārah na espirituwal,** ito ay sa pamamagitan ng pagkawala sa puso ng pagtatambal kay Allāh at ng mga paniniwalang bulaan at mga pamahiin at sa pamamagitan ng pagkawala rito rin ng mga kaasalang kapula-pula gaya ng pagkainggit, hinanakit, kasagwaan ng pagpapalagay sa mga Muslim, pagkamuhi, kasakiman, kataksilan, at iba pa sa mga ito.

**Hinggil sa ṭahārah na espirituwal,** ito ay sa pamamagitan ng pagpapakadalisay mula sa karumihang pisikal o mula sa paglalarawang tagahadlang sa pagsasagawa ng ilan sa mga pagsamba gaya ng ṣalāh. Ang paglalarawang tagahadlang na ito ay tinatawag sa Islām bilang ḥadath. Ito ay naglalaho sa pamamagitan ng wuḍū’ o paligo, kung ito ay isang malaking ḥadath, o sa pamamagitan ng tayammum.



# Ang Ṭahārah na Hinihiling Para sa Ṣalāh

Ang ṣalāh ay sarilinang pag-uusap sa pagitan ng tao at Panginoon niya. Kaya naman nararapat para sa Muslim sa sandali ng pagtayo niya sa harapan ng Panginoon niya na siya ay maging nasa pinakamagandang anyo at pinakamainam na kalagayan ng kadalisayan, kabusilakan, at kataimtiman. Dahil doon, nag-obliga si Allāh (napakataas Siya) sa Muslim, kapag nagnais siya na magsagawa ng ṣalāh, na magpakadalisay mula sa lahat ng mga karumihan at mga ḥadath sa sarili niya, mga damit niya, at lugar ng ṣalāh niya.



## Ang mga Bagay na Kinakailangang Magpakadalisay Mula sa mga Ito ang Tagapagsagawa ng Ṣalāh

Kinakailangan sa tagapagsagawa ng ṣalāh na magpakadalisay bago ng ṣalāh niya mula sa malaki at maliit na ḥadath at marumi. Ito ay ang paglilinaw niyon:

Ang ḥadath ay isang paglalarawang espirituwal na umiiral sa katawan, na humahadlang sa pagsasagawa ng ṣalāh. Ito ay nahahati sa dalawang bahagi:

1. **Maliit na Ḥadath.** Nangyayari ito dahilan sa paglabas ng ihi o dumi o utot at gayon din ang pagkatulog. Naglalaho ang ḥadath na ito sa pamamagitan ng wuḍū'.

2. **Malaking Ḥadath.** Tinatawag itong janābah. Nangyayari ito dahilan sa pakikipagtalik o paglabas ng punlay. Naglalaho ang ḥadath na ito sa pamamagitan ng pagpaligo at pagbuhos ng tubig sa buong katawan.


**Hinggil naman sa najāsah,** ito ay ang materyal na karumihan gaya ng ihi, dumi, at dugong ibinubo. Ang paglaho nito ay sa pamamagitan ng paghuhugas dito ng tubig hanggang sa maglaho.

Ang paglabas ng ihi, halimbawa, ay tinatawag na ḥadath. Hinggil naman sa ihi ito ay tinatawag ng najasah.

Kinakailangan sa tagapagsagawa ng ṣalāh na siya ay maging nagpakadalisay mula sa mga ḥadath at mga karumihan sa kalahatan ng mga ito.

- Kaya naman magsasagawa siya ng wuḍū’ kung siya ay nagkaroon ng maliit na ḥadath
- At maliligo naman siya kung siya ay nagkaroon ng malaking ḥadath.

Kinakailangan din sa tagapagsagawa ng ṣalāh na magdalisay ng tatlong bagay mula sa mga karumihang materyal:





# Ang mga Patakarang Natatangi sa Babae

Ang babae ay gaya ng lalaki sa mga patakaran ng ṭahārah ngunit si Allāh (napakataas Siya) ay nagtangi sa babae na siya ay nagreregla, nagdadalang-tao, at nagsisilang. Ito ay bahagi ng karunungan ni Allāh (napakataas Siya) upang magpatuloy ang lahing tao sa pagtira sa lupa. Nagsaalang-alang nga ang pagbabatas Islāmiko sa pisikal at sikolohikal ng kayarian ng babae kaya naman nag-alis ito sa kanya ng pagkatungkulin ng ṣalāh sa dalawang kalagayan ng pagreregla at nifās (na dugong lumalabas mula sa babae matapos magluwal ng sinapupunan ng dinadalang-tao). Dahil dito hindi kailangan sa kanya ang ṭahārah ni ang ṣalāh sa dalawang kalagayan. Kinakailangan lamang sa kanya ang maligo kapag nagtapos ang regla o nifās.

Kapag nagtali ang babae ng buhok niya sa anyo ng mga tirintas, hindi kailangan sa kanya na magkalas ng mga tirintas na ito sa sandali ng pagpaligo mula sa janābah o regla o nifās kapag ang tubig ay nakaaabot sa [anit ng] ulo at buong buhok.





# Ang mga Etiketa sa Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan

Nag-organisa ang Islām sa buhay ng Muslim sa kabuuan nito upang ito ay maging buhay na nakaaangat na naiiba sa buhay ng mga hayupan pati na sa mga bagay-bagay na maaaring hindi sumasagi sa isip ng sinumang hindi nakakikilala sa Islām tulad ng pagtugon sa tawag ng kalikasan na nangangailangan nito ang buong sangkatauhan.

## Ilan sa mga Etiketa ng Pagtugon sa Tawag ng Kalikasan

- Mag-uuna siya ng kaliwang paa niya sa pagpasok sa palikuran (ang lugar ng pagtugon sa tawag na kalikasan gaya ng mga banyo sa ngayon) at magsasabi siya ng panalanging ipinaabot kaugnay roon: “Allāhumma innī a`ūdhu bika mina –lkhubthi wa –lkhabā’ith. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga lalaking demonyo at mga babaing demonyo.)”
- Sa sandali ng paglabas, mag-uuna siya ng kanang paa niya at magsasabi ng panalangin ng paglabas mula sa palikuran: “Ghufrānak. ([Humihingi ako ng] kapatawaran Mo.)”
- Ang hindi pagharap sa qiblah o pagtalikod doon sa sandali ng pagtugon sa tawag ng kalikasan. Nabibigyang-diin ito sa labas ng mga estruktura.
- Ang pagtatakip ng `awrah sa mga mata ng mga tao sa sandali ng pagtugon sa tawag ng kalikasan, maging ito man ay sa mga estruktura o sa labas ng mga ito.
- Ang hindi pagtugon sa tawag ng kalikasan sa mga daan ng mga tao o mga lugar na pinagtitipunan ng mga tao o nakapiperhuwisyo sa kanila ang pagtugon sa tawag ng kalikasan sa mga ito.
- Ang hindi pagtugon sa tawag ng kalikasan sa tubig na nakatigil.
- Ang hindi pagtugon sa tawag ng kalikasan sa mga lungga ng mga hayop at tulad ng mga ito.
- Ang pagsisigasig sa hindi pagtalsikan ng anuman mula sa ihi sa damit niya o katawan niya.

- Ang paggamit ng kaliwang kamay sa pagsasagawa ng istinjā’ (paghuhugas sa pamamagitan ng tubig ng labasan ng ihi at dumi) at pagsasagawa ng istijmār (pagpunas ng labasan ng ihi at dumi sa pamamagitan ng bato, tissue paper, at tulad ng mga ito).

**Pinapayagan ang pagkakasya sa istinjā’ at pinapayagan ang pagkakasya sa istijmār gaya ng pagpayag sa pagsasama sa dalawang ito. Ito ay bahagi ng pagpapadali ng Islām.**



Nagtuturo ang Islam sa Muslim ng pangangalaga sa personal na kalinisan niya. Kabilang doon ang paghuhugas niya ng mga kamay niya at ang paglilinis sa mga ito sa pamamagitan ng tubig at anumang madali niyang taglayin na mga panlinis matapos ng pagsasagawa ng pagtugon sa tawag ng kalikasan.



# Papaano tayong magsasagawa ng wuḍū’?


**Isang praktikal na isinalarawang pagbibigay-linaw sa pamamaraan ng pagsasagawa ng wuḍū’.**

## Mahalaga na malaman ng Muslim bago ng pagsasagawa ng wuḍū’ niya ang sumusunod:

- Walang naisagawang wuḍū’ kapag walang layunin, at walang layunin kapag walang pagpapakawagas. Ang layunin ay nakalagay sa puso, hindi sa dila.

- Ang pagkakasunud-sunod ng paghuhugas ng mga bahagi ng katawan para sa wuḍū’ at ang pagkakadikitan ng mga ito ay hinihiling din sa paraang hindi mag-uuna ng isang kasunod na bahagi sa isang naunang bahagi at hindi magpapaliban sa paglipat ng paghuhugas mula sa isang bahagi tungo sa isang bahaging kasunod nito.

**Saksihan sa pamamagitan ng pag-swipe sa barcode ng kumpletong pampagtuturong asignatura ng pamamaraan ng pagsasagawa ng wuḍū’.**



1 **Ang Layunin.** Kailangan sa atin na maglayon (ibig sabihin: magpakay sa pamamagitan ng mga puso natin nang walang pagbigkas) ng wuḍū’ na para sa pagpawi ng ḥadath at tulad nito. Kaya hindi natutumpak ang wuḍū’ nang walang layunin, gaya ng sinumang naglayon na maghugas ng mga bahagi ng katawan niya nang walang layunin ng pagsamba. Kailangan sa atin na magpakawagas doon para kay Allāh (napakataas Siya).




2 **Ang Tasmiyah.** Isinasabatas ang tasmiyah (pagsambit ng bismi –llāh) sa pagsisimula ng wuḍū’ sapagkat nagsisimula tayo ng wuḍū’ natin sa pamamagitan ng pagsabi ng: “Bismi –llāh” pagkatapos gagamit tayo ng siwāk para sa paglilinis ng bibig kung mayroon nito.



3

### Ang Paghuhugas ng mga Kamay.

Maghuhugas tayo ng mga kamay hanggang sa pupulsuhan nang tatlong beses. Magsisimula tayo mula sa mga dulo ng mga daliri hanggang sa kasukasuan ng kamay.



4

### Ang Pagmumumog at ang Pagsinghot at ang Pagsinga ng Tubig

**A-** Ang pagmumumog ay ang paglalagay ng tubig sa bibig at ang pagpapapagalaw nito sa loob ng bibig, pagkatapos ang pagluwa nito at ang pagtapon nito.

**B-** Ang pagsinghot ay ang pagkuha ng tubig sa pamamagitan ng kanang kamay at pagpasok nito sa ilong sa pamamagitan ng paghingang paloob.





**C-** Ang pagsinga ay ang pagpapalabas ng tubig mula sa ilong sa pamamagitan ng paghingang palabas at sa pamamagitan ng kaliwang kamay.

**D-** Bahagi ng Sunnah ang pagpapalabis sa pagmumumog at pagsinghot hanggang tayo ay hindi mga nag-aayuno.

**E- Ang pagmumumog at ang pagsinghot ay may dalawang paraan:**

- Ang pag-uugnay at ito ay sa pamamagitan ng pagkuha ng iisang salok-kamay ng tubig, na magmumumog tayo ng kalahati nito pagkatapos sisinghot tayo ng natitirang kalahati nito. Gagawin natin iyon nang tatlong beses sa tatlong salok-kamay ng tubig.
- Ang paghihiwalay at ito ay sa pamamagitan ng pagbubukod para sa pagmumumog ng isang salok-kamay ng tubig at para sa pagsinghot ng isa pang salok-kamay. Gagawin natin iyon nang tatlong beses.



5 **Ang Paghuhugas ng Mukha.** Ang hangganan ng mukha ay mula sa mga tinutubuan ng buhok ng ulo hanggang sa baba, pahaba, at sa pagitan ng mga tainga, pahalang,







kalakip ng pagkakailangan ng paghuhugas ng bawat buhok sa mukha gaya ng buhok ng balbas na manipis, bigote, mga kilay, mga pilikmata, at `anfaqah – ang buhok na tumutubo sa ilalim ng mababang labi.

6

**Ang Paghuhugas ng mga Kamay.** Magsisimula tayo sa paghugas ng kanang kamay [kasama ng braso] mula sa mga dulo ng mga daliri ng kamay at magsisingit tayo ng mga daliri sa pamamagitan ng pagpapasalitan ng dalawang kamay, pagkatapos magpapaabot ng tubig hanggang sa [lampas] siko. Pagkatapos gagawin natin ang tulad niyon sa kaliwang kamay.







7

**Ang Pagpahid sa Ulo.** Babasain natin ang dalawang kamay ng bagong tubig. Ilalagay natin ang dalawang binasang kamay sa unahan ng ulo. Papupuntahin natin ang dalawang ito hanggang sa batok, pagkatapos ibabalik natin ang dalawang ito sa bahaging pinagsimulan natin. Walang pagkakaiba roon sa pagitan ng kalbo at may buhok.







8 **Ang Pagpahid sa Dalawang Tainga.** Magpapahid sa dalawang tainga sa pamamagitan ng tubig na natitira mula sa tubig na ipinampahid natin sa ulo. Ang paraan ng pagpahid sa dalawang tainga ay na magpasok tayo ng daliring hintuturo sa dalawang butas ng dalawang tainga para magpahid tayo sa dalawang ito at magpahid tayo ng likod ng dalawang ito, kaya naman tayo ay magiging nakapahid ng dalawang tainga sa paharap at patalikod.

Ang pagpahid ng ulo kasama ng dalawang tainga ay iisang beses.









9

**Ang Paghugas ng Dalawang Paa.** Magsisimula tayo sa kanang paa kaya maghuhugas tayo nito mula sa mga dulo ng mga daliri hanggang sa mga bukungbukong (ang mga ito ay ang mga butong nakausli sa magkabilang gilid ng paa sa tagpuan ng binti at paa) at magsisingit tayo [ng mga daliri ng kamay] sa pagitan ng mga daliri ng paa. Magpapahalaga tayo sa paghuhugas ng sakong (ang likurang bahagi ng paa) at ibabaw ng mga paa. Pagkatapos maghuhugas tayo ng kaliwang paa gaya ng pagkahugas natin ng kanang paa.







10 **Ang Dhikr at ang Panalangin:** Ibinibilang na sunnah para sa Muslim matapos ng pagtatapos ng wuḍū’ na magsabi:

**“Ashhadu an lā ilāha illa –llāh, waḥdahu lā sharīka lah, wa ashhadu anna muḥammadan `abduhu wa rasūluh. (Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh — tanging Siya: wala Siyang katambal; at sumasaksi ako na si Muḥammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.)”**

Na sa kanya na kung magdaragdag siya:

**“Allāhumma –j`alnī mina -ttawwābīna, wa –j`alnī mina –lmutaṭahhirīn. (O Allāh, gawin Mo ako na kabilang sa mga palabalik-loob at gawin Mo ako na kabilang sa mga nagpapakalinis.)”**

o:

**Subḥānaka llāhumma wa biḥamdik, ashhadu an lā ilāha illā anta, astaghfiruka wa atūbu ilayk. (Kaluwalhatian sa Iyo, O Allāh, at kalakip ng papuri sa Iyo. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi Ikaw. Humihingi ako ng kapatawaran sa Iyo at nagbabalik-loob ako sa Iyo.)**

### Mga Pagtawag-pansin

1. Papahiran ang ulo kasama ng dalawang tainga nang iisang beses lamang. Hinggil naman sa nalalabi sa mga gawain ng wuḍū’, uulit-ulitin ang mga ito nang tatlong beses, na siyang kalubusan; o nang dalawang beses; o iisang beses, na siyang kinakailangan.

2. Ang pagkakasunud-sunod ng paghuhugas sa mga bahaging hinuhugasan sa wuḍū’ ay hinihiling, kaya naman hindi tayo magpapauna na isang bahaging hinuhugasan ng halip ng isa pang bahagi.

3. Ang pagtutuluy-tuloy sa pagitan ng mga bahaging hinuhugasan ay hinihiling nang gayon din, kaya naman hindi tayo magpapahuli sa paglipat mula sa isang bahaging hinuhugasan papunta sa isa pang bahaging hinuhugasan na kasunod dito.

## Papaano tayong magsasagawa ng ghusl dahil sa janābah?

Ang ghusl (pagpaligo) dahil sa janābah ay may dalawang anyo: kinakailangan at kumpleto. Hinggil sa kinakailangan, ito ay sa pamamagitan ng sumusunod:

1. Maglalayon tayo sa pamamagitan ng puso natin ng pagsasagawa ng ghusl para sa pagpawi ng malaking ḥadath.
2. Magbubuhos tayo sa buong katawan ng tubig kasama ng pagmumumog at pagsinghot.

**Hinggil naman sa kumpletong ghusl, pagsasamahin ang kinakailangan at ang itinuturing na kaibig-ibig sa ghusl. Ito ay sa pamamagitan ng sumusunod:**

1. Maghuhugas tayo ng mga kamay.
2. Magbubuhos tayo ng tubig sa maselang bahagi at maghuhugas nito sa pamamagitan ng kaliwang kamay.
3. Magsasagawa tayo ng isang buong wuḍū' at maaari ang pagpapahuli ng paghuhugas ng mga paa hanggang sa katapusan ng ghusl.
4. Maghuhugas tayo ng ulo natin nang tatlong beses.
5. Kapag nagtali ang babae ng buhok niya sa anyo ng mga tirintas, hindi kailangan sa kanya na magkalas ng mga tirintas na ito sa sandali ng pagpaligo mula sa janābah o regla o nifās kapag ang tubig ay nakaaabot sa [anit ng] ulo at buong buhok.
6. Maghuhugas tayo ng buong kanang kalahati ng katawan.
7. Pagkatapos maghuhugas tayo ng buong kaliwang kalahati.

## Mga Natatanging Kalagayan sa Ṣalāh


### Ang Tayammum

Kabilang sa mga anyo ng pagpapagaan sa Islām na gumawa ito ng mga pamalit sa tubig kung hindi makakaya ng Muslim ang magkaroon ng tubig na ipangsasagawa niya ng wuḍū’ o ipampapaligo niya nang madali. Ito ay tulad ng kung siya ay nasa isang paglalakbay at hindi makahahanap para sa kanya ng tubig maliban sa makasasapat para sa inuman at hindi niya makakaya ang bumili ng tubig dahil sa kawalan ng nagtitinda nito o dahil ito ay ipinagbibili sa malaking halaga, o nahadlangan siya sa paggamit ng tubig dahil sa karamdaman at wala sa kanya ang sinumang aalalay sa kanya sa pagsasagawa ng wuḍū’ o nasa katindihan ng ginaw na makapipinsala sa kanya ang tubig o iba pa roon, dito isinasabatas ang tayammum. Ito ay ang paggamit ng alabok para sa pagsasagawa ng ṭahārah.

### Papaano tayong magsasagawa ng tayammum?

Maglalayon tayo ng pagsasagawa ng tayammum, pagkatapos magtatapik tayo sa alabok ng mga kamay natin nang iisang pagtapik, pagkatapos magpapahid tayo ng mga ito sa buong mukha natin at mga kamay natin.

Ang paraan ng pagsasagawa ng tayammum ay iisa para sa maliit na ḥadath at malaking ḥadath. Matapos magsagawa ng tayammum, pinapayagan na magsagawa tayo ng lahat ng mga pagsamba na isinasakundisyon para sa mga ito ang ṭahārah. Kapag naman nakahanap tayo ng tubig o nakakaya na gumamit nito, mawawalang-saysay ang tayammum at kakailanganin sa atin ang gumamit ng tubig para sa ṭahārah.





## Ang Pagpupunas sa Sapatos at Medyas

Kapag ang Muslim ay nakasuot ng sapatos o medyas, tunay na siya ay hindi mangangailangan na maghubad ng mga ito sa sandali ng pagsasagawa ng wuḍū'; bagkus sasapat sa kanya, kapag umabot siya sa paghuhugas ng mga paa niya, na magpahid sa ibabaw ng sapatos o medyas ng binasang kamay niya subalit isinasakundisyon na ang pagkasuot ng mga ito ay habang nasa ṭahārah. Ibig sabihin matapos magsagawa ng wuḍū' na naghugas siya rito ng mga paa niya. Kung hindi naging gayon, tunay na kailangan sa kanya na maghubad ng mga ito [at maghugas ng mga paa].

Pinapayagan para sa residente na magpatuloy sa pagpapahid sa isang yugto ng isang araw at isang gabi. Hinggil naman sa manlalakbay, ukol para sa kanya na magpahid sa isang yugto ng tatlong araw at mga gabi ng mga ito.

**Ang Residente:**
Magpapatuloy siya sa pagpahid sa medyas sa loob ng isang araw kasama ng gabi nito.

**Ang Manlalakbay:**
Magpapatuloy siya sa pagpahid sa medyas sa loob ng tatlong araw kasama ng mga gabi nito.



## Ang Pagpupunas sa Benda

Ang benda ay isang panali na ipinantatali sa bahagi ng katawan na nabali o nasugatan. Kapag ang panali ay nasa isa sa mga bahaging hinugasan sa wuḍū’, tunay na isinasabatas na magpahid ng binasang kamay sa panaling ito sa sandali ng pagsasagawa ng wuḍū’ hanggang sa maglaho ang pangangailangan sa panali. Hindi isinasakundisyon na ang pagkasuot ng bendang iyon ay habang nasa ṭahārah.

Kapag may isang parte mula sa bahaging nabendahan na nakalitaw at hindi mapipinsala ito sa paghuhugas, tunay na huhugasan ang parteng ito at papahiran ang natitirang may benda.

# Ang Pagwawakas

Nagsabi si Allāh (napakataas Siya) sa katapusan ng talata na naroon ang utos sa pagsasagawa ng wuḍū’, paligo, at tayammum: {Hindi nagnanais si Allāh upang maglagay Siya sa inyo ng anumang pagkaasiwa subalit nagnanais Siya upang dumalisay Siya sa inyo at upang lumubos Siya sa pagpapala Niya sa inyo, nang sa gayon kayo ay magpapasalamat.} (Qur’ān 5:6)

Ang kahulugan ay hindi nagnanais si Allāh (napakataas Siya) [ng pahirap] sa isinatungkulin Niya sa inyo na pagsasagawa ng wuḍū’ kapag tumayo kayo patungo sa ṣalāh, na pagsasagawa ng ghusl matapos ng janābah, at na pag-uutos ng pagsasagawa ng tayammum sa sandali ng kawalan ng pagkakaroon ng mga kadahilanan nito.

Hindi nagnanais si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) doon: {upang maglagay Siya sa inyo ng anumang pagkaasiwa}, ibig sabihin: kagipitan, pabigat, at pahirap, subalit nagnanais Siya roon upang magdalisay Siya sa inyo, ibig sabihin: upang magdalisay Siya sa mga sarili ninyo mula sa mga karumihang pisikal at espirituwal at upang mag-alis Siya sa mga ito ng kumapit sa mga ito na mga pagkakasala at mga karumihan; at {upang lumubos Siya sa pagpapala Niya sa inyo}, ibig sabihin: nagnanais Siya roon din na lumubos Siya sa pagpapala Niya sa inyo, O mga mananampalataya, sa pamamagitan ng isinabatas Niya para sa inyo na mga pinadaling patakaran. Ito ay kabilang sa mga mataas na etiketa at kabilang sa mga kapita-pitagang iniatang na tungkulin upang magpasalamat kayo sa Kanya sa mga biyaya Niya, paggawa Niya ng maganda, at mga pagbabatas Niya dahil kayo, kapag nagpasalamat kayo, ay daragdagan Niya ng kabutihang-loob Niya at mga biyaya Niya.

Karagdagan dito, si Allāh ay pinakamaalam. Basbasan ni Allāh, pangalagaan Niya, at pagpalain Niya ang Lingkod Niya at Propeta Niyang si Muhammad.





# Mga Tanong Pampagsusuri

## 1 Maglagay ng tama o mali

- [ ] Ang ṭahārah sa Islām ay nalilimitahan sa damit, katawan, at lugar.
- [ ] Ang wuḍū' ay maaaring magdadalisay sa tao mula sa mga kasalanan na nagawa ng mga mata niya o kamay niya o paa niya.
- [ ] Ang nireregla ay naaalis sa kanya ang tungkulin ng pag-aayuno at hindi naaalis sa kanya ang tungkulin ng ṣalāh.
- [ ] Ang pagpapapagalaw ng tubig sa loob ng bibig, pagkatapos ang pagluwa nito at ang pagtapon nito ay tinatawag na pagsinghot.
- [ ] Hindi pinapayagan ang pag-uugnay ng pagmumumog at pagsinghot sa iisang salok-kamay ng tubig.
- [ ] Hindi inoobliga sa paghuhugas ng mukha na hugasan ang noo.
- [ ] Kabilang sa mga kamaliang lumaganap na makalimot ang tagapagsagawa ng wuḍū' ng paghuhugas ng likurang bahagi ng mga paa niya sa pagsasagawa ng wuḍū'.
- [ ] Ang anyong kinakailangan sa pagsasagawa ng ghusl ng janābah ay na magbuhos sa buong katawan ng tubig kasama ng pagmumumog at pagsinghot ng tubig.
- [ ] Ang pamamaraan ng pagsasagawa ng tayammum dahil sa maliit na ḥadath ay naiiba sa pamamaraan ng pagsasagawa ng tayammum dahil sa malaking ḥadath.
- [ ] Kabilang sa mga kundisyon ng pagpapahid sa sapatos ang pagkasuot nito habang nasa ṭahārah.
- [ ] Pinapayagan ang pagpahid sa benda hanggang sa maglaho ang pangangailangan dito.

**2** **Bumanggit ka ng isang patunay sa pagkakailangan ng wuḍū’ para sa ṣalāh**

.....................................................................................................

.....................................................................................................

**3** **Kung sakaling nagdasal ang isang Muslim nang walang wuḍū’ dahil nakalimot, ang ṣalāh niya ay:**

☐ Tumpak ☐ Walang-saysay

**4** **Pumili:**

1. Kabilang sa mga kalagayan na kinakailangan para sa mga ito ang ṭahārah ay:

☐ Ang pag-aayuno

☐ Ang ṣalāh

☐ Ang pagsambit na dhikr kay Allāh

2. Ang pagpahid ng nilalabasan ng ihi at dumi sa pamamagitan ng bato o tissue paper ay tinatawag na

☐ Istinjā’ ☐ Itijmār ☐ Istinthār

# Mga Tanong Pampagsusuri

**5 Bumanggit ka ng tatlo mula sa mga kainaman ng wuḍū’.**

..............................................................................................................

..............................................................................................................

..............................................................................................................

**6 Kumpletuhin:**

1. Kinakailangan sa nagdarasal na magpakadalisay bago magsagawa ng ṣalāh niya mula sa .............................................. .............................. at ...........................................................................
2. Kabilang sa mga etiketa ng pagtugon sa tawag ng kalikasan:

..............................................................................................................

..............................................................................................................

3. Magsisimula tayo ng wuḍū’ natin sa pamamagitan ng pagsabi ng:................................pagkatapos gagamit tayo ng...... ..............................para sa paglilinis ng bibig kung mayroon nito.
4. Ang yugto ng bisa ng pagpupunas sa sapatos para sa residente ay ................................ at para sa manlalakbay ay ..........................................................................................

**7 Ang Islām ay naghatid ng kadalisayang pisikal at kadalisayang espirituwal. Bumanggit ka ng mga halimbawa para sa bawat isa mula sa dalawang kadalisayan.**

..............................................................................................................

..............................................................................................................

8 Ano ang najis?

..................................................................................................................................................

..................................................................................................................................................

9 Ano ang kaibahan sa pagitan ng pagsinghot ng tubig at pagsinga ng tubig?

..................................................................................................................................................

..................................................................................................................................................

10 Naisasaulo mo ba ang panalangin na sinasabi matapos magsagawa ng wuḍū’? Bumanggit ka nito.

..................................................................................................................................................

..................................................................................................................................................

11 Bumanggit ka ng itinuturing na kaibig-ibig at kumpletong pamamaraan ng pagsasagawa ng ghusl.

..................................................................................................................................................

..................................................................................................................................................

12 Hindi nakahanap ng tubig na ipangsasagawa niya ng wuḍū’ at dumating ang oras ng ṣalāh, kaya ano ang gagawin?

..................................................................................................................................................

..................................................................................................................................................

# Ang Wuḍū’:
## Ang Gawaing-pagsamba na Kapita-pitagan

Hindi namamangmang ang Muslim na ang wuḍū’ ay isang kapita-pitagang rituwal kabilang sa mga rituwal ng Islām at isang daan para sa pagpapakadalisay mula sa mga pagkakasala at mga kasalanan. Ang mga Muslim ay kakalapin sa Araw ng Pagbangon na mapuputi ang mukha na mga pinaputi ang kamay at paa mula sa bakas ng wuḍū’. Hindi natutumpak ang ṣalāh ng mananampalatayang nakakakaya maliban sa pagsasagawa nito. Dahil dito, tunay na ang wuḍū’ ay kabilang sa pinakadakila sa pinagsisigasigan ng Muslim sa pag-aaral niya at pagtuturo niya.

Sa libritong ito, nagsigasig tayo na magtanghal ng paksa ng ṭahārah at wuḍū’ at pamamaraan nito. Maaari kayong manood ng pamamaraan ng pagsasagawa ng wuḍū’ sa pamamagitan ng napanonood na materyal na nakasasama ng libritong ito.




يجوز
1:32 / 7:17

Makipagtalakayan Tungkol
sa Islam sa Ilang Wika

Para sa Karagdagang
Impormasyon Tungkol sa Islām

Tagalog - تجالوج

**Hindi namamangmang ang Muslim na ang wuḍū'** ay isang kapita-pitagang rituwal kabilang sa mga rituwal ng Islām at isang daan para sa pagpapakadalisay mula sa mga pagkakasala at mga kasalanan. Ang mga Muslim ay kakalapin sa Araw ng Pagbangon na mapuputi ang mukha na mga pinaputi ang kamay at paa mula sa bakas ng wuḍū'. Hindi natutumpak ang ṣalāh ng mananampalatayang nakakakaya maliban sa pagsasagawa nito. Dahil dito, tunay na ang wuḍū' ay kabilang sa pinakadakila sa pinagsisigasigan ng Muslim sa pag-aaral niya at pagtuturo niya.

**Sa libritong ito,** nagsigasig tayo na magtanghal ng paksa ng ṭahārah at wuḍū' at pamamaraan nito. Maaari kayong manood ng pamamaraan ng pagsasagawa ng wuḍū' sa pamamagitan ng napanonood na materyal na nakasasama ng libritong ito.


osoulcenter

www.osoulcontent.org.sa

ISO 9001

Para sa pag-download ng aklat na ito at iba pa ritong mga aklat sa pamamagitan ng Osoulstore:

OSOUL STORE

osoulstore.com